



ASAL AT ETIKA SA

KODIGO NG NEGOSYO

**Ang Pangako
ng Inchcape**



MENSAHE MULA SA CEO

Bilang nangungunang maritime service provider, at ang may pinakamalaking proprietary agency network sa buong mundo, mayroon ang Inchcape Shipping Services ng parehong responsibilidad at natatanging pagkakataon na makahimok ng positibong pagbabago sa bawat antas nang pakikipag-ugnayang mayroon kami: sa loob ng industriya ng maritime sa pamamagitan ng aming mga customer at partner, sa mga lokal na komunidad kung saan kami nag-o-operate, at sa pamamagitan ng mas malawak na mga punto ng pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng aming workforce sa buong mundo.

Pangunahin naming prioridad at pangmalawakang layunin na tiyaking palagi kaming kumikilos at nag-o-operate sa paraang sumusunod sa batas, etika, at sustainable. Hindi namin gustong matugunan lang ang minimum na pamantayan, gusto naming maitakda ang mga pamantayan para sa pinakamainam na kasanayan. Makakamit lang ang mga layuning ito sa pamamagitan ng ganap na paniniwala sa lahat ng antas sa ating organisasyon. Kailangang pareho sa amin ang pangako ng bawat tao sa Inchcape Shipping Services, at bilang isang kumpanya, may responsibilidad kaming ibigay ang mga tamang kagamitan, pagsasanay, at kapaligiran sa pagtatrabaho. Ang Asal at Etika sa Kodigo ng Negosyo ay ang nasa sentro ng aming pangkalahatang programa sa pagsunod, at gumaganap bilang parola na tumutulong sa aming malampasan ang pang-araw-araw na mga hamon, tulad ng ilang dekada nang ginagawa ng parola sa Inchcape Rock – kung saan namin kinuha ang aming pangalan – na tulungan ang mga barkong makaraan sa tubig dagat.

Tulad ng anumang industriya, at anumang bahagi ng buhay, kinakaharap ng industriya ng maritime ang mga hamon tulad ng katiwalian, panunuhol at pagpapabilis sa mga kabayaran. Ipagpapatuloy ng Inchcape Shipping Services ang pamumuno sa paglaban sa lahat ng naturang ilegal at

hindi katanggap-tanggap na kasanayan. Sa pamamagitan ng aming pambuong kumpanyang pangako, naghanda kami ng nangunguna sa industriyang toolbox upang mabigyang-daan ang mga tauhan sa lahat ng antas na matukoy, maiulat at malabanan ang anumang mga hindi sumusunod o hindi ayon sa etikang kasanayan. Mayroon kaming mga nakahandang proseso na gumagarantiyang magaganap ito nang anonymous at walang panganib na magantihan. Aktibong nakikipagtulungan ang Inchcape Shipping Services sa mga customer at partner sa industriya upang suportahan ang kanilang mga pangunguna sa pagsunod, etika at pagiging sustainable. Nagbibigay-daan din ito sa pagbabahagi ng pinakamainam na kasanayan at humihimok ng kultura ng tuluy-tuloy na pagpapahusay sa lahat ng kumpanya. Nangangako kaming tiyaking ang aming Asal at Etika sa Kodigo ng Negosyo ay live na dokumentong positibong nagbabago upang matugunan at malampasan ang mga bagong pamantayan at regulasyon. Bilang buod, binubuo ng sumusunod na dokumento ang batayan hindi lang kung paano namin pinapatakbo ang negosyo, ngunit para rin sa kung sino kami, bilang kumpanya at bilang mga indibidwal.

Philippe Maezelle

MGA NILALAMAN

6	MGA PAGPAPAHALAGA
8	TUNGKOL SA KODIGONG ITO
10	PAGDUDULOG NG MGA ALALAHANIN
12	PAGLABAN SA PANUNUHOL AT KATIWALIAN
14	MGA CUSTOMER
16	MGA EMPLEYADO
20	MGA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA THIRD PARTY
22	PAGIGING SUSTAINABLE
24	MGA MALINAW NA PATAKARAN
26	MGA DETALYE SA PAKIKIPAG-UGNAYAN



KUNG SINO TAYO

ANG ATING MGA HALAGA

**Pandaigdigang Pananaw,
Lakas ng Mga Tao,
Progresibong Pag-iisip**

Umaabot ang Pangako ng Inchcape sa Etika at Pagsunod sa mga empleyado sa lahat ng antas ng organisasyon, sa lahat ng unit ng negosyo, sa lahat ng bansa at opisina sa buong mundo. Nangangako ang Inchcape sa pagsuporta sa mga tao nito sa pamamagitan ng mga kagamitang kailangan nila upang magawa ang mga tamang pasya.

ANG ATING MGA KATANGIAN

**Kahusayan, Pangunguna sa
Mundo, Pagtuon sa Hinaharap**

Natiyak ng pangako ng Inchcape sa maayos na kasanayan sa negosyo ang matagumpay nitong 170 taong kasaysayan. Nangangako ang Inchcape na gagamitin ang kaalaman at karanasang ito upang gabayan ang mga pagpapasya sa negosyo sa hinaharap. Makatitiyak ang mga customer ng Inchcape na ginagawa ang kanilang trabaho sa pinakamataas na pamantayan ng pagkilos na batay sa etika.

ANG ATING PERSONALIDAD

**May Kumpyansa, Maliwanag,
Hindi Kumplikado**

Ipinapakita ng Asal at Etika sa Kodigo ng Negosyo ng Inchcape ang kultura ng Inchcape: Matatag, Malinaw, Tumpak.

TUNGKOL SA KODIGONG ITO

Ano ang Kodigo?

Ang Asal at Etika sa Kodigo ng Negosyo (“Ang Kodigo”) na ito ay pangako ng Inchcape sa isang hanay ng mga layunin, pagpapahalaga, at panuntunang nagtatakda kung paano gagawin ng Inchcape at mga empleyado nito ang kanilang negosyo. Nasasaklawan ng ilan sa mga panuntunang ito ang pagsunod ng Inchcape sa mga batas at regulasyon; nasasaklawan ng ilan ang pangangalaga ng Inchcape sa mga empleyado nito; nasasaklawan ng ilan ang pangako ng Inchcape sa mga ugnayan sa trabaho sa mga customer at vendor; at isinasaad ng ilan ang pangako ng Inchcape sa pagpapatakbo ng negosyo ayon sa etika.

Sa bawat kaso sa Kodigong ito, ibibigay ng Inchcape ang pormal nitong pangako sa mga pamantayang ito. Paminsan, tulad ng anumang ibang organisasyon, maaaring magkulang kami, pero nangangako pa rin ang Inchcape na maging transparent sa mga pagkakamali nito, matuto mula rito, at magsikap na humusay at lumaki. Itinuturing ng Inchcape ang dokumentong ito na “live”, at regular itong susuriin at ia-update upang matiyak na naipapakita nito nang ayos ang diskarte ng Inchcape sa pagpapatakbo ng negosyo.

Paano Gamitin ang Kodigong Ito

Dapat gamitin ang Kodigo kasama ng iba pang mga patakaran at pamamaraan ng Inchcape. Isa itong koleksyon ng mga mataas na antas na panuntunan na bubuo ng isang hanay ng nakakasakop na mga pamantayan na susundin ng lahat ng iba pang patakaran ng kumpanya.

Mahalaga sa tagumpay ng Inchcape na gawin ng lahat ng empleyado ang kanilang trabaho, at sila mismo, nang alinsunod sa Kodigo. Ibinibigay ng Kodigo ang pundasyon sumusunod sa etika kung saan nakabatay ang lahat ng pagkilos sa negosyo ng Inchcape.

Dapat na regular na tingnan ng mga empleyado ang Kodigo upang maibalik ang kanilang pag-unawa. Ang mga mas detalyadong panuntunan patungkol sa pagkilos sa negosyo ay nasa mga patakaran sa Pagsunod – dapat gamitin ng mga empleyado ang Kodigo bilang gabay, ngunit sumangguni sa mga patakaran para sa mga detalye. Para sa pinakanapapanahong bersyon ng dokumentong ito, mangyaring kumonsulta sa electronic na kopya ng dokumentong ito na ipinapakita sa internet at intranet ng Inchcape.

Sino Ang Nasasaklawan Ng Kodigong Ito?

Nasasaklawan ng Kodigo ang lahat ng empleyado ng Inchcape: mula sa Board of Directors, hanggang sa CEO at Senior Leadership, hanggang sa entry-level na staff. Isa rin itong kinakailangan para sa mga subagent, subcontractor, vendor, consultant, at sinumang iba pang third party na kasama sa trabaho ng Inchcape – dapat na sumang-ayon ang lahat alinsunod sa Kodigo. Magreresulta ang pagkabigong sumunod sa Kodigo sa pagkilos na pandisiplina.

Paano kung mayroong Mga Pagsasalungat sa pagitan ng Kodigo at iba pang Mga Patakaran?

Layunin na ang lahat ng patakaran at proseso ng Inchcape ay naaayon sa Kodigong ito. Sa pagkakataong hindi sumang-ayon sa Kodigong ito ang isa sa mga patakaran ng Inchcape, ang unang pagkilos ay dapat na humingi ng paglilinaw mula sa Group Compliance Officer o sa may-ari ng patakaran/proseso. Normal na maging mas partikular ang mga patakaran at, sa ilang sitwasyon, mas mahigpit sa Kodigong ito. Maaari ring maging mas mahigpit sa Kodigo ang mga panrehiyon at lokal na patakaran kung saan hinihingi ito ng mga pangangailangan sa pagpapatakbo o sa lokasyon; malabong maging mas maluwag ito.



Pangako ng Inchcape sa...

PAGDUDULOG
NG MGA ALA-
LAHANIN

Paano Magdulog ng Alalahanin

Hinihikayat ng Inchcape ang mga empleyado na makipag-usap muna sa kanilang mga manager. Ito madalas ang pinakamainam na paraan para malutas at maitama ang mga isyu. Gayunpaman, hindi palaging madali ang ganitong uri ng pag-uulat, at hindi naaangkop para sa mga hindi empleyado. Samakatuwid, gumamit ang Inchcape ng Hotline service na pinamamahalaan ng third-party, na nagbibigay-daan para sa pag-uulat sa telepono at sa web, kung saan maidudulog ang mga alalahanin nang anonymous kung mas gusto mo. Bukod pa rito, maipapadala ang mga alalahanin sa nakalaang email address sa Pagsunod, o naka-address nang direkta sa Group Compliance Officer. May opsyon din ang mga empleyado na lapitan ang kanilang lokal o panrehiyong Human Resources Department, o pakikipag-ugnayan sa Legal Department sa loob ng Inchcape. Tingnan ang mga pahina sa likod ng booklet na ito para sa mga karagdagang detalye sa kung paano gumawa ng ulat sa pamamagitan ng isa sa mga pamamaraang nakalarawan sa itaas.

Nauunawaan ng Inchcape na pinakamakabubuti sa kumpanya at lahat ng stakeholder nito kapag ang mga problema o nakitang problema, ay natukoy at nakapagdulog ng mga alalahanin sa pagsunod at etika upang makasagot nang naaangkop ang kumpanya. Upang mapabilis ito, nagbibigay ang Inchcape ng ibat't ibang paraan upang alertuhan ang Kumpanya.

Anong Mga Uri ng Alalahanin ang Dapat na Maidulog?

May obligasyong magsalita ang mga empleyado at iba pang naniniwala na ang mga patakaran o lokal na batas o batas sa ibang bansa ay maaaring nalabag. Sinumang may tanong o nag-aalangan tungkol sa isang patakaran ng Inchcape ay dapat na magtanong at maghanap ng paglilinaw.

Ang mga halimbawa ng mga bagay na dapat idulog ay:

- Mga panunuhol, kickback, o pagpapabilis sa mga pagbabayad
- Pagnanakaw o panloloko
- Pamemeke ng mga dokumento ng kumpanya
- Pagkabigong mapangalagaan nang maayos ang mga asset ng Inchcape o customer
- Panggigipit o pambu-bully
- Diskriminasyon
- Mga salungatan ng interes
- Hindi pangkaraniwang malaking regalo o entertainment na ibinibigay o tinatanggap
- Mga pagsisiwalat ng kumpidensyal na impormasyon
- Asal na hindi alinsunod sa Mga Pagpapahalaga ng Inchcape
- Paggawa ng negosyo sa mga pinapayagang bansa o entity
- Pagkalito sa isang patakaran ng Inchcape

Inaasahan ng Inchcape sa mga empleyado nito na gamitin nila ang kanilang common sense; kung sa tingin nila ay hindi tama ang isang bagay, malamang na hindi nga iyon tama. Inaasahan din ng Inchcape sa mga empleyado nito na hihingi sila ng payo kung hindi sila nakasisiguro.

Anong Mangyayari Kapag May Idulog na Alalahanin?

Lubos na sineseryoso ng Inchcape ang lahat ng iniulat na alalahanin. Nangangako ang Inchcape sa pagsasagawa ng mga objective, nasa oras at kumpletong pagsisiyasat ng pagsunod at mga ulat ng etika sa ilalim ng direksyon ng Group Compliance Officer. Kung anonymous na nagawa ang pag-uulat gamit ang Hotline, maaaring gumamit ang Inchcape ng teknolohiya upang makipag-ugnayan sa nag-ulat, gamit ang isang ID code upang manatiling anonymous, kung sakaling may mga follow-up na tanong. Kung matukoy na nagkaroon ng pagkakamali, magsasagawa ng naaangkop na pagkilos na pandisiplina o pangwasto.

Pangako ng Inchcape sa... Pagprotekta Laban sa Paghihiganti

Nangangako ang Inchcape na poprotektahan ang sinumang empleyado o third party na magdudulog ng ulat nang may mabuting hangarin. May mahigpit na patakaran laban sa paghihiganti ang Inchcape na poprotekta sa sinumang magsasabi ng seryoso at tunay na alalahanin.

Sakop ng proteksyong ito ang lahat ng empleyado nasa anong antas man sila ng organisasyon. Bukod pa rito, hindi gagawa ng anumang pagkilos ang Inchcape upang alamin ang pagkakakilanlan ng mga anonymous na pinagmulan.

Nangangako ang Inchcape sa... Mga Internal na Pagsusuri

Bukod sa pagkilos na gagawin ng Inchcape sa mga matatanggap nitong ulat, aktibo at regular din itong magsasagawa ng mga internal na audit upang matukoy ang sarili nitong pagsunod sa Asal at Etika sa Kodigo ng Negosyo at iba pang mga patakaran sa Pagsunod.

Nangangako ang Inchcape sa pagpapanatili at paglalagay ng staff sa Internal Audit department, na inatang suriin ang mga pamamaraan at pagkilos ng Inchcape sa buong mundo. Ipapakita ng department na ito ang mga napag-alaman nito nang direkta sa Board of Directors ng Inchcape, at may awtoridad silang suriin at siyasatin ang lahat ng department at function ng Inchcape.



Pangako ng Inchcape sa...

PAGLABAN SA
PANUNUHOL AT
KATIWALIAN

Sa kasamaang palad, may katiwalian sa lahat ng industriya sa bawat bansa sa mundo sa anumang anyo. Regular na may ugnayan ang Inchcape sa mga bahagi ng mundo kung saan karaniwan ang katiwalian. Nangangako ang Inchcape na manatiling sumusunod sa mga lokal na batas, pang-international na batas, sa Foreign Corrupt Practices Act (FCPA), sa U.K. Bribery Act, sa Asal at Etika sa Kodigo ng Negosyo, at sa anumang iba pang mga kinakailangang regulasyon, sa lahat ng pagkakataon sa lahat ng lokasyon.

Nangangako ang Inchcape sa...
Paglaban sa Panunuhol at Katiwalian

May direkta o hindi direktang ugnayan ang Inchcape sa halos lahat ng pantalan sa bawat bansa sa mundo. Iba't ibang hamon ang kinakaharap sa iba't ibang pantalan at iba-iba rin ang anyo ng katiwalian. Hindi pinapayagan ng Inchcape ang panunuhol at katiwalian saan mang pantalan.

Hindi gagawin ng Inchcape na, sa anumang sitwasyon, magbigay, o mangasiwa sa pagbibigay, ng mga suhol, kickback, o pangangasiwa ng mga pagbabayad sa kahit na sino, kahit na saan. Tinatanggap ng Inchcape na sa ilang sitwasyon, magiging mas mahirap ang trabaho ng Inchcape dahil sa paninindigang ito.

Gayunpaman, higit pa sa mga lokal at pang-international na batas na nagbabawal sa ganitong uri ng pagkilos ay ang nakakasaklaw na paniniwala ng Inchcape sa pagkilos sa negosyong ayon sa etika. Hindi lilihis ang Inchcape sa diskarteng ito para sa sinuman.

Sa katotohanan, patakaran ng Inchcape na hindi magbibigay kailanman ng mga suhol o iba pang mga uri ng pagbabayad sa mga opisyal ng pamahalaan o pantalan, o sa mga vendor, o sinumang iba pa sa loob ng industriya. Dahil din dito, hindi kailanman tatanggap ang Inchcape ng anumang mga hindi ayon sa etikang pagbabayad. Hindi kailanman pangangasiwaan ng Inchcape ang sinumang customer na nagbibigay ng suhol, at susuportahan ng Inchcape ang sinumang customer na lalaban sa katiwalian. Hindi makikipag-ugnayan ang Inchcape sa mga third party, at hindi kukuha ng mga tao, na lumalahok sa mga ganitong aktibidad.

Nangangako ang Inchcape sa...
Anti Slavery at Anti Trafficking

Nangangako ang Inchcape na umiwas sa makabagong pang-aalipin at human trafficking sa mga operation nito at sa supply chain. Hindi pinapahintulutan ng Inchcape ang mga ganitong aktibidad, at nangangakong magpapatupad ng mga sistema at kontrol na naglalayon at nagtitiyak na walang nagaganap na makabagong pang-aalipin saanman sa loob ng organisasyon. Nasasaklawan din ng posisyon ng patakarang ito ang pagtatrabaho ng bata at hindi patas na pasuweldo, oras ng trabaho, at kasanayan sa pagtatrabaho. Nasasakop ng mga pamantayang ito ang mga agent ng Inchcape, vendor, at third party na katrabaho ng Inchcape.



Pangako ng Inchcape sa...

MGA CUSTOMER
NITO

Nauunawaan at tinatanggap ng Inchcape ang responsibilidad nito sa mga customer nito. Hindi minamaliit ng Inchcape ang halagang ibinibigay ng mga customer nito sa paggawa ng kanilang trabaho sa legal, sumusunod, at ayon sa etikang paraan. Nangangako ang Inchcape sa naaayon sa etikang pagsasagawa ng negosyo sa bawat trabaho, araw-araw.

Nangangako ang Inchcape sa...
Panindigan sa Mga Pamantayan ng Mga Customer Nito

Ang Kodigo, Programa sa Pagsunod, at Mga Patakaran sa Pagsunod ng Inchcape ay ipinasadya para sa industriya nito, at mahigpit ito nang hindi labis na burokratiko o naglilimita. May kumpanya ang Inchcape na matutugunan o malalampasan ng Kodigo nito ang mga sariling kodigo ng mga customer. Gayunpaman, palaging handa ang Inchcape na suriin ang mga pamantayan sa Pagsunod ng mga customer nito, at, kung makatuwiran at posible, sumunod sa mga pamantayang iyon.

Nangangako ang Inchcape sa...
Mas Mataas na Antas ng Pagsunod

Ang Inchcape ay isang pandaigdigang kumpanya, na may mga opisina at operation sa buong mundo. Nauunawaan ng Inchcape na may kanya-kanyang batas, regulasyon, at nakagawian ang iba't ibang bansa. Bagama't ipinagmamalaki ng Inchcape na may kakayahan itong umangkop sa mga pagkakaiba-iba ng operation sa iba't ibang lokasyong ito, hindi bumabaluktot ang mga pamantayan sa Pagsunod nito sa ganitong paraan. Sa buong mundo, nalalapat ang parehong universal na mga pamantayang nasa Kodigong ito, at hindi paluluwagin bilang tugon sa mga lokal na nakagawian. Makakatiyak ang mga customer na magiging pareho ang pagsasagawa ng negosyo ng Inchcape sa lahat ng bansa.

Nangangako ang Inchcape sa...
Transparency

Nangangako ang Inchcape na tratuhin ang mga ugnayan sa negosyo ng mga customer nito na tila sarili nila ito. Sa pag-operate, nangangako ang Inchcape sa pagbibigay ng lahat ng nauugnay na impormasyon sa napapanahong paraan, at sa pagpapanatiling may alam ang mga customer sa mga sitwasyong dapat nilang malaman. Nangangako ang Inchcape sa pagkilos sa isang transparent na paraan sa lahat ng kasanayan nito sa negosyo.

Nangangako ang Inchcape sa...
Paninindigan kasama ang Mga Customer nito

Nagdudulot ng mga karagdagang hamon ang pagpapanatili ng matinding paninindigan laban sa katiwalian at panunuhol. Maaari nitong maapektuhan ang paraan kung paano nagagawa ng Inchcape ang trabaho nito, pabagalin ang mga proseso, o mangahulugang magbabayad nang mas mahal ang Inchcape para sa isang serbisyo. Kadalasan, ang pagkilos na ayon sa etika ay hindi ang pinakamadaling opsyon, at maaaring may kasamang antas ng problema sa operation para sa parehong Inchcape at mga customer nito. Gayunpaman, hindi paluluwagin ng Inchcape ang mga pamantayan nito, anuman ang pang-iimpluwensiya ng iba. Kung kapareho ang pangako ng mga customer, vendor, at iba pang third party sa pangako ng Inchcape sa Paglaban sa Panunuhol at Katiwalian, gagawin ng Inchcape ang lahat ng magagawa nito upang magsuporta, magpayo, at tumulong sa mga nakapanghahamong sitwasyon. Maninindigan ang Inchcape kasama ang sinumang mayroon ding paninindigan laban sa katiwalian.

Nangangako ang Inchcape sa...
Pagkakaroon ng Transaksyon sa Mga Customer na Pamahalaan

Pagkakaroon ng transaksyon sa mga customer na pamahalaan – kasama ang mga ahensya ng pamahalaan, militar, at NGO – ay isang bahagi na nagpapatupad ang Inchcape ng mas mahigpit na hanay ng mga panuntunan sa Pagsunod. Kapag may mga transaksyon sa mga customer na ito, zero-tolerance ang diskarte ng Inchcape sa anumang kamalian, at mas matindi ang mga pagkilos na pandisiplina rito. Nagpapanatili ang Inchcape ng mga partikular na patakarang nauugnay sa bahaging ito ng negosyo nito, at tinitiyak na ang anumang mga trabahong kasama ang mga entity na ito ay pinamamahalaan ng mga ekspertong may mga may espesyalidad na pagsasanay. Nagpapanatili ang Inchcape ng patakaran sa Pagkakaroon ng Transaksyon sa Mga Customer na Pamahalaan, at ang mga empleyado o vendor na may mga tanong tungkol sa pagsunod sa mga kinakailangan ng mga customer na pamahalaan ay dapat na humingi ng gabay mula sa Government Services Department o sa Group Compliance Officer.

Nangangako ang Inchcape sa...
Pagpapatupad ng Pagsunod para sa Mga Third Party

Umaasa ang mga customer ng Inchcape na magbibigay ang Inchcape ng de-kalidad at maaasahang serbisyo sa pamamagitan ng pamamahala ng libu-libong third party sa buong mundo. Mahalagang ang mga pamantayang itinakda ng Inchcape sa sarili nito ay sundin din ng mga subagent, vendor, subcontractor, supplier, pansamantalang staff, at consultant nito.

Iniaatas ng Inchcape sa lahat ng vendor na sundin ang Asal at Etika sa Kodigo ng Negosyo ng Inchcape. Aalisin sa pool ng mga supplier ng Inchcape ang mga third party na tatanggi, o hindi makakasunod sa mga pamantayang ito.



MGA PANGAKO

Pangako ng Inchcape sa...

MGA
EMPLEYADO
NITO

Gusto ng Inchcape na maging pinakamahusay sa industriya ang mga empleyado nito, at ang serbisyong ibinibigay nila. Upang makamit ito, nangangako ang Inchcape sa pagbibigay sa mga empleyado nito ng mga kagamitang kailangan nila upang magtagumpay sa kanilang mga tungkulin, at pagbibigay ng kapaligiran sa pagtatrabaho na ligtas, kaaya-aya, at mabuti sa pagtatrabaho.

Nangangako ang Inchcape sa...
Pagkapantay-pantay

Nangangako ang Inchcape na itatrato ang lahat ng empleyado nang pantay-pantay kaugnay sa mga patakaran sa Pagsunod at Etika. Sa Inchcape, pare-pareho ang mga panuntunan, patakaran, at pagkilos na pandisiplina para sa lahat, anuman ang antas, at tuluy-tuloy na ipinapatupad. Kung saan nagpapatupad ang Inchcape ng zero-tolerance na patakaran para sa pagkilos na hindi sumusunod, nasasaklawan nito ang nasa itaas hanggang nasa ibaba ng organisasyon. Nangangako ang Inchcape sa pagtrato sa lahat ng staff nang pantay-pantay, anuman ang posisyon sa trabaho, antas sa loob ng organisasyon, tagal ng serbisyo, lahi, edad, kasarian, relihiyon, o pananaw sa pulitika.

Nangangako ang Inchcape sa...
Staff sa Pagsunod

May responsibilidad ang Group Compliance Officer (GCO) para sa tuluy-tuloy na pagpapahusay sa Programa, at sa pagsusulong ng kamalayan sa Pagsunod sa buong kumpanya.

Nag-uulat ang GCO sa CEO at sa Board of Directors. Ang tungkulin ng GCO ay protektahan ang Inchcape laban sa pagkilos na hindi sumusunod, at upang suportahan ang lahat ng empleyado kung mayroon silang anumang mga tanong o alalahanin sa Pagsunod. Maaaring makipag-usap sa GCO ang mga empleyado nang may kumpanyansa.

Nangangako ang Inchcape sa...
Pagsasanay

Nangangako ang Inchcape sa pagbibigay ng lahat ng kinakailangang pagsasanay para sa lahat ng empleyado upang suportahan sila sa kanilang mga trabaho.

Hinihiling ng Inchcape sa lahat ng empleyado na sumailalim sa mandatoryong pagsasanay sa malawak na hanay ng mga paksa ng Pagsunod at Etika bago sila makagawa ng anumang trabaho para sa Inchcape. Ibinibigay ang kinakailangang pagsasanay na ito sa panahong sumali ang isang empleyado sa Inchcape. Bilang karagdagan, magbibigay ng mga session ng pagsasanay para sa refresher sa kabuuan ng kurso ng pagtatrabaho ng isang empleyado sa Inchcape. Sa pamamagitan lang ng pagsasagawa ng regular na pagsasanay sa mga paksa sa Pagsunod at Etika naniniwala ang Inchcape na posibleng mapanatili ang kamalayan sa napapanahong mga patakaran sa Pagsunod at Etika, at mapanatili sa isip ng lahat ang Pagsunod habang isinasagawa ang kanilang trabaho.

Kinakailangang sumailalim ang lahat ng empleyado ng Inchcape sa pagsasanay sa Pagsunod at Etika, anuman ang kanilang antas sa organisasyon o tagal ng kanilang serbisyo. Naniniwala ang Inchcape sa kahalagahan ng "Tone from the Top", kung saan inaasahan ang senior staff na mamuno bilang halimbawa sa pamamagitan ng pagpakita ng maayos na personal na pagkilos at pagkilos sa negosyo, at ipakalat ang tungkol sa Pagsunod at Etika. Dahil isa itong pandaigdigang kumpanya, nangangako ang Inchcape sa pagbibigay ng pagsasanay sa iba't ibang wika, upang maunawaan ang pagsasanay ng lahat ng empleyado. Kung nahihirapan ang mga empleyado sa accessibility, nangangako ang Inchcape sa paghahanap ng mga alternatibong pamamaraan ng pagsasanay. Sinasaklawan ng pangako ng Inchcape sa pagbibigay ng pagkilos sa negosyong ayon sa etika at sumusunod kahit sa pinakamalayong lokasyon sa buong mundo.

Nangangako ang Inchcape sa...
Pagpapadali sa Pag-uulat

Nangangahulugan ang pangako ng Inchcape sa pagsunod at etika na gusto nitong marinig ang tungkol sa anumang mga sitwasyon kung saan hindi nagawa ng kumpanya na mapanatili ang mga pamantayang ninanais nito.

Gaya ng natalakay sa nakaraang seksyong Paano Magdulog ng Alalahanin, at nakadetalye sa likod ng booklet na ito, may ilang paraan para makapagdulog ang mga empleyado at third party ng mga ulat, alalahanin, at tanong. Tinitingnan ng Inchcape ang lahat ng ulat nang pantay-pantay at walang paghuhusga. Gayunpaman, ang sinumang sinasadyang mag-ulat nang mali dahil sa hindi magandang layunin, ay maaaring mapatawan ng pagkilos na pandisiplina.



Pangako ng Inchcape sa...

MGA EMPLEYADO
NITO

Nangangako ang Inchcape sa...
Pagpapatupad sa Mga Patakaran nito

Nangangako ang Inchcape na sisiyasatin ang lahat ng ulat ng maling ginawa sa isang pormal, naka-standardize, at hiwalay na paraan. Pinamamahalaan ng Group Compliance Officer ang mga pagsisiyasat. Inaasahan ng Inchcape sa lahat ng empleyado nito na tumulong sa mga pagsisiyasat, at panatilihin ang mga itong kumpidensyal. Sa sandaling kumpleto na ang mga pagsisiyasat, nangangako ang Inchcape sa pagpapatupad ng anumang kinakailangang pagkilos na pandisiplina sa walang pinapanigan at patas na paraan

Nangangako ang Inchcape sa...
Ligtas na Kapaligiran sa Pagtatrabaho

Ang mga pantalan, daungan, at kahit mga opisina ay maaaring maging mapanganib na lugar.

Itinuturing lang ng Inchcape na matagumpay na nakumpleto ang trabaho kung walang sinumang nailagay sa panganib. Kasama ng mga patakaran sa Etika at Pagsunod sa patas na pagtrato, binibigyang-diin din ng Inchcape ang pagpapanatili ng mga ligtas na lugar sa pagtatrabaho para sa mga empleyado nito.

Mahalaga sa Inchcape ang kalusugan at kaligtasan, sa daungan man, sa dagat, o sa opisina.

Nangangako ang Inchcape sa mataas na pamantayan sa kaligtasan, at mayroon itong nakatuong Health, Safety, Security and Environment (HSSE) department, na sumusubaybay sa mga kasanayan sa trabaho, nagsasanay sa mga empleyado, at nagtitiyak na nagpapanatili ang Inchcape ng pagsunod sa mga pang-international na pamantayan. Nangangako ang Inchcape sa pagtiyak na walang panggigipit, pang-aabuso, at pananamantala sa lugar ng trabaho, at ang mga ito ay kapaligirang walang droga at alak. Dapat na makatiyak ang bawat empleyado o bisita sa Inchcape na ligtas at maayos sa kapaligiran ng trabaho. Hinihikayat na magsalita agad ang sinumang hindi nakatitiyak na ligtas at maayos ang kapaligiran.

Nangangako ang Inchcape sa...
Mahusay na Pamamahala

Mataas ang inaasahan ng Inchcape sa mga manager nito. Hindi lang dapat panindigan ng management ng Inchcape ang mga pamantayan ng Kodigong ito, dapat din silang magtakda ng halimbawa sa pamamagitan ng kanilang mga pagkilos. Ang mga nasa posisyon sa pamumuno ay inaasahang magpakita ng huwarang integridad at etika, kumilos alinsunod sa mga pagpapahalaga ng Inchcape, maging alerto at pigilan ang pagkilos na hindi sumusunod, at tiyaking may ayon sa etika at propesyunal na kapaligiran sa trabaho ang lahat ng empleyado para makapagtrabaho. Inaasahan ng Inchcape sa mga manager nito na magsulong ng pagkilos na ayon sa etika, at magsagawa ng sarili nilang pagsasanay sa Pagsunod kasama ang mga empleyado kung magkaroon ng pagkakataon. Responsable ang mga manager sa paggawa ng kapaligiran sa trabaho kung saan kumportable ang mga empleyado sa pagdulog ng mga alalahanin tungkol sa etika at mga isyu sa pagsunod nang hindi natatakot na magantihan. Nangangako ang Inchcape sa pagbibigay sa mga manager ng mga kagamitan sa pagsasanay para magamit nila.

At bilang Kapalit...

At bilang kapalit, inaasahan ng Inchcape sa mga empleyado nito na kumilos sa isang propesyunal, tapat, at transparent na paraan, gawin ang kanilang trabaho sa abot ng kanilang makakaya, sumunod sa Asal at Etika sa Kodigo ng Negosyo at mga patakaran sa Pagsunod ng Inchcape, aktibong lumahok sa mga session ng pagsasanay na ibinigay, makipagtulungan sa mga audit o pagsisiyasat, at magsalita kapag sa tingin nila ay may nakikita silang mali o mayroon silang hindi nauunawaan na nagdudulot ng alalahanin tungkol sa posibleng pagkakamali sa etika o pagsunod.



Pangako ng Inchcape sa...

MGA PAKIKIPAG-UGNAYAN
SA THIRD PARTY

Nangangako ang Inchcape sa...
Makatuwirang Pag-iingat

Ang malaking bahagi ng trabaho ng Inchcape ay pakikipagkasundo sa mga vendor at subcontractor upang gumawa ng trabaho sa ngalan ng aming mga customer, at nakikipagtulungan ang Inchcape sa libu-libong service-provider sa buong mundo. Nangangako ang Inchcape na gawin ang mga kinakailangang pagsusuri sa background at mga review ng mga third party bago pumasok sa anumang ugnayan sa negosyo, at patuloy na subaybayan ang kanilang status ng pagkwalipika sa kabuuan ng kanilang panahon ng pagtatrabaho kasama ang Inchcape.

Nangangako ang Inchcape sa...
Pagprotekta sa Impormasyon

Regular na nakakatanggap ang Inchcape ng kumpidensyal at sensitibo sa negosyong impormasyon mula sa mga customer nito. Nangangako ang Inchcape sa pagkakaroon ng mga sistema upang bantayan ang impormasyong ito. Sumusunod ang Inchcape sa EU General Data Protection Regulation (GDPR), at ang lahat ng sistema, patakaran, at proseso nito ay nakahanay sa mga batas na ito.

Nangangako ang Inchcape sa...
Mga Ugnayan sa Negosyong Ayon sa Etika

Normal na parte ng buhay negosyo ang mga regalo at paglilibang. Ang pagbili ng pagkain para sa isang customer o pagtanggap ng kahon ng matatamis na pagkain mula sa isang vendor ay katanggap-tanggap na kasanayan sa negosyo na naglilinang ng maganda at pangmatagalang ugnayan. Ngunit dapat na mag-ingat na magawa ito sa tamang paraan. Nangangako ang Inchcape na ang pagbibigay ng mga regalo at/o paglilibang sa isang third party ay hindi kailanman gagawin upang maling impluwensiyahan ang isang pagpapasya sa negosyo. Nagpapanatili ang Inchcape ng proseso ng pagsusuri at pag-apruba para sa mga regalo at paglilibang.

Umaasa ang Inchcape na mauunawaan ng mga customer at vendor na maaaring hindi posible paminsan na lumahok ang mga empleyado ng Inchcape sa mga nakagawiang kabutihan sa negosyo upang maiwasan na makitang mali ito. Kung saan may kapareho o mas mahigpit na mga patakaran ang mga customer at vendor, hindi maiinsulto ang Inchcape sa paglilinaw sa mga ito, at nangangako ang Inchcape na sumunod sa mga patakaran ng third party.

Isinasaad ng patakaran ng Inchcape na hindi manghihikayat o manghihingi ang tauhan ng Inchcape, sa ngalan man nila o sa ngalan ng mga miyembro ng pamilya o kaibigan, ng anumang regalo, balato, o iba pang personal na pakinabang o pabor, anuman ang uri, mula sa isang kasalukuyan o inaasahang supplier, vendor, agent, consultant, customer o competitor.

Nangangako ang Inchcape sa...
Pag-iwas sa Mga Salungatan ng Interes

Nauunawaan ng Inchcape ang pangangailangang umiwas sa mga sitwasyon kung saan maaaring maimpluwensiyahan ang pagpapasya sa negosyo at paggawa ng desisyon ng, o lumitaw na maimpluwensiyahan ng, aming mga personal na interes at ugnayan.

Dapat na batay sa mga objective na bagay ang mga pagpapasya sa negosyo.

Hinihiling ng Inchcape sa lahat ng empleyado na isiwalat ang anumang mga posibleng salungatan ng interes sa Compliance Department, upang masuri ang mga ito, maaprubahan o matanggihan, at maitala. Nasasakop ng patakarang ito sa pakikipag-ugnayan ng Inchcape sa mga pulitikal na partido at mga charity na organisasyon.

Hindi magbibigay ang Inchcape ng anumang donasyon sa anumang pulitikal na organisasyon, para sa anumang dahilan, kasama ang mga regalo o pagbibigay ng mga serbisyo nang libre.

Bilang karagdagan, hindi bibigyan ang mga kasalukuyang nakaupong pulitiko o mga pulitikong wala pang isang taon mula noong matapos ang termino ng anumang tungkulin sa kumpanya, o anumang anyo ng benepisyo. Ang anumang donasyon sa charity ay dapat na pagpasyahan at aprubahan ng nasa antas ng Board of Directors.

Nangangako ang Inchcape sa...
Patas na Kumpetisyon

Nangangako ang Inchcape sa pakikipagkumpitensya sa negosyo sa patas na paraan, at hindi paglilimita sa kumpetisyon o kalakalan. Nangangako ang Inchcape sa pag-iwas sa anumang uri ng kasunduan para sa pag-aayos ng presyo, o paglahok sa anumang uri ng cartel system kasama ang mga kakumpitensya, at susunod ang Inchcape sa mga lokal at pang-international na batas na anti-trust. Bukod pa rito, hindi susubukan ng Inchcape at mga empleyado nito na kunin ang anumang kumpidensyal na impormasyon ng kakumpitensya, at, kung may matanggap ito nang hindi sinasadya, sisirain ang impormasyong ito at ihahayag sa mga nauugnay na partido.

Nangangako ang Inchcape sa...
Pagpapanatili ng Dokumento

Bilang bahagi ng pangako nito sa transparency, nangangako ang Inchcape sa pagpapanatili at pagtatabi ng anumang dokumentong nauugnay sa trabaho na maaaring kailanganin para sa mga layunin ng pag-audit o hingin ng batas sa mas huling petsa alinsunod sa mga naaangkop na regulasyon.

Pangako ng Inchcape sa...

PAGIGING
SUSTAINABLE

Tinatanggap ng Inchcape ang mga responsibilidad nito sa planeta at lipunan. Nangangako ang Inchcape sa, saanman naipapatupad, i-minimize ang mga emission sa hangin, pigilan ang polusyon, kontrolin ang dumi, at mag-re-use at mag-recycle ng mga materyal upang mabawasan ang dami ng duming itinatapon sa mga landfill at karagatan. Sa lahat ng aktibidad, nagsisikap ang Inchcape na i-minimize ang pagkonsumo ng mga hindi narenew na resource ng earth sa pamamagitan ng paggamit ng mga mahusay na pamamaraan at pinakamainam na mga kasanayan.

Ang layunin at mithiin ng inisyatibong Sustainable Procurement ng Inchcape ay nakahanay sa mga prinsipyong nilalaman ng British Sustainable Procurement Standard BS8903, at ay ang sumusunod:

- Gumamit ng mas kaunting resource at mas kaunting enerhiya sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pagpapahusay at paggamit ng mga makabagong solusyon.
- Tumukoy at kumuha ng mga materyal, produkto, at serbisyo na may makatuwirang balanse sa pagitan ng mga salik na panlipunan, pang-ekonomiya at pangkapaligiran at makapagdulot ng mga pakinabang sa lipunan at ekonomiya.
- Gumamit ng mga resource-efficient na produkto at magbigay ng pagsasaalang-alang sa mga paggamit na end-of-life.
- Saanman posible, magbigay ng mga pagkakataon para sa mga small at medium sized enterprise, palawakin ang paggamit ng mga social enterprise, suportahan ang pagtatrabaho ng lokal, diversity at pagsasanay at pagtutulungan kasama ang sektor ng boluntaryo, lalo na ang mga malapit sa opisina at operation.

Nangangako ang Inchcape sa regular na pag-benchmark at pagpapahusay sa performance nito sa kapaligiran, sustainability, at mga responsibilidad sa lipunan. Makikita ang higit pa sa paksang ito, at mga detalye ng mga inisyatibo ng Inchcape sa website at intranet ng Inchcape.



Pangako ng Inchcape sa...

MGA MALINAW
NA PATAKARAN

Bagama't itinatakda ang Asal at Etika sa Kodigo ng Negosyong ito ang mga mataas na antas na layunin ng Inchcape patungkol sa Pagsunod at Etika, sa loob ng Mga Patakaran sa Pagsunod makikita ang mga detalye. Ang mga patakarang ito ay may mga partikular na panuntunan at regulasyong namamahala sa lahat ng aspeto ng pangako ng Inchcape sa Pagsunod at Etika.

Idedetalye ng Patakaran sa Pagsunod kung sino ang sinasakop ng patakaran, ipapaliwanag kung ano ang mga panuntunan at regulasyon, magbibigay ng impormasyon kung paano makahanap ng higit pang impormasyon, at ilalarawan ang posibleng kahihinatnang pandisiplina ng pagkabigong sundin ang patakaran.

Ang Mga Patakaran sa Pagsunod ng Inchcape, at ang Asal at Etika sa Kodigo ng Negosyong ito, ang bumubuo sa mahalagang bahagi ng pangkalahatang Programa sa Pagsunod ng Inchcape.

Pinamamahalaan ang Programa ng Compliance Charter ng Inchcape, na tumutukoy sa mga awtoridad at responsibilidad para sa Board of Directors at Group Compliance Officer.

Nangangako ang Inchcape sa...
Mga Accessible na Patakaran

Gusto ng Inchcape na madaling ma-access ang mga patakaran sa Pagsunod nito, mabasa ng lahat, at madaling maunawaan.

Available ang mga patakaran upang mabasa at ma-download mula sa intranet ng Kumpanya. Bilang alternatibo, maaaring humingi ng mga kopya mula sa Group Compliance Officer, o mula sa email address ng Pagsunod.

Maaari ring humingi ang mga third party ng mga kopya ng anumang mga patakaran sa Pagsunod ng Inchcape sa pamamagitan ng mga parehong pamamaraan. Available ang mga detalye sa pakikipag-ugnayan sa likod ng booklet na ito.

Ipinapakita ang mga kasalukuyang patakaran sa intranet ng Kumpanya, ngunit maaaring sumailalim sa mga update at pagbabago anumang oras.

Mag-ingat sa pag-download ng mga patakaran dahil tanging ang mga bersyong ipinapakita sa intranet ng Kumpanya ang dapat na ituring na aktibong bersyon.

Nangangako ang Inchcape sa...
Pagpapaliwanag ng Mga Patakaran

Ang layunin ng Inchcape ay gawing madaling mabasa at maunawaan hangga't maaari ang mga patakaran sa Pagsunod nito.

Sa dulo ng bawat patakaran, may seksyong naglalaman ng mga tagubilin kung paano magtanong at maghanap ng higit pang impormasyon.

Hinihikayat ng Inchcape ang lahat ng empleyado na manghingi ng paglilinaw kung hindi sila nakatitiyak sa ibig sabihin ng isang patakaran.



MGA DETALYE
SA PAKIKIPAG-
UGNAYAN

Magagawa ng mga empleyado o iba pang nais na mag-ulat ng alalahanin tungkol sa isang nalamang paglabag sa pagsunod o etika, o may tanong tungkol sa Kodigong ito o tungkol sa isang patakaran sa Pagsunod ng Inchcape, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa:

Compliance Department
compliance@iss-shipping.com

Hotline
www.convercent.com

Website
<http://www.iss-shipping.com/>

Group Compliance Officer
Sindhu Kavinamannil
sindhup.kavinamannil@iss-shipping.com

Cyber Security & Compliance Manager
Lee Scott
Lee.Scott@iss-shipping.com

Head of Legal and Data Protection Officer
Giles Stanley
giles.stanley@iss-shipping.com

Mga Empleyado Lang ng Inchcape
Kasama sa mga karagdagang resource para sa pag-uulat ng mga alalahaning available sa mga empleyado ang:

- Direct Manager
- Human Resources
- Legal Department
- Inchcape Intranet



www.iss-shipping.com
compliance@iss-shipping.com